Personal na impormasyong nakolekta para sa probisyon ng Programa ng Ingles para sa Migranteng nasa Hustong Gulang (Adult Migrant English Program o AMEP)

Hiniling sa mga provider ng serbisyong AMEP na kolektahin ang iyong personal na impormasyon para sa AMEP ng Kagawaran ng Imigrasyon at Pagkamamayan (ang kagawaran). Pinapahintulutan ang pangongolekta ng impormasyon sa ilalim ng Ika-2 Bahagi ng Migration Act 1958.

Maaaring ibunyag ang impormasyong nakolekta sa ibang mga ahensya o samahan para sa layunin ng pangangasiwa ng ibang mga programa at serbisyo ng pamahalaan kabilang ang:

- mga center sa pangangalaga sa bata upang mabigyan ng pangangalaga sa bata ang mga karapat-dapat na kliyente ng AMEP
- mga employer na kasali sa Programa ng AMEP na Nauukol sa Suportang Pangwika Tungo sa Pagtatrabaho at Pagsasanay (Settlement Language Pathways to Employment and Training)
- mga provider ng serbisyo na kinokontrata ng kagawaran upang maghatid ng mga serbisyo ng paninirahan sa mga bagong dating na migrante
- mga kagawaran ng pamahalaan kabilang ang:
    - Centrelink, na nangangasiwa sa mga panustos at benepisyo ng pamahalaan;
    - ang Kagawaran ng Mga Ugnayan sa Trabaho at Lugar Pantrabaho (Department of Employment and Workplace Relations o DEEWR); at
    - mga provider ng serbisyo na kinokontratang maghatid ng mga serbisyo para sa DEEWR kabilang ang Mga Serbisyo ng Trabaho Australia at Mga Serbisyo ng Pagtatrabaho ng May Kapansanan
- mga kagawarang pederal, estado at panteritoryo ng polisya upang makatulong sa mga pagsisiyasat o sitwasyong pangkagipitan

Bilang karagdagan, ang form ng impormasyon 993i Pag-iingat sa iyong personal na impormasyon ay nagbibigay ng mga detalye ng mga ahensya kung saan maaaring ibunyag ang iyong personal na impormasyon. Maaaring makuha ang form 993i mula sa website ng kagawaran www.immi.gov.au/allforms/ o anumang tanggapan ng kagawaran o tanggapan ng misyon ng Australia sa ibang mga bansa.

Ang iyong mga karapatan

Kung naniniwala ka na ang provider ng serbisyo o ang kagawaran ay may pagkakamali sa pangongolekta o pangangasiwa ng iyong impormasyon, maaari kang sumulat sa:

The Director
Freedom of Information and Privacy Policy Section
Department of Immigration and Citizenship
PO Box 25
BELCONNEN ACT 2616

O kaya, mag-e-mail sa privacy@immi.gov.au

Sisiyasatin ang iyong reklamo at aabisuhan ka tungkol sa kahihinatnan nito.